

IHS Markit ASEAN Manufacturing PMI™

Tumatatag ang output ng pagmamanupaktura ng ASEAN nitong Agosto

Mga pangunahing nalaman

Naitala ang headline PMI sa 49.0 na nasa ibaba lang ng 50.0 mark

Nabawasan ang kabuuang bilang ng bagong order sa pinakakaunting rate mula Marso...

... ngunit patuloy pang lumiliit nang lumiliit ang demand mula sa ibang bansa

Nakolekta ang data noong 12-24 Agosto 2020.

Ipinakita ng data ng buwan ng Agosto ang pinakamahirang paglala ng mga kundisyon sa pagmamanupaktura sa ASEAN sa loob ng anim na buwan, ayon sa pinakabagong data ng HIS Markit Purchasing Managers' Index (PMI™), nang bahagya lang na humihina ang kalagayan ng sektor sa pangkalahatan. Tumatag ang produksyon sa mga pabrika, habang bumaba naman ang bilang ng pag-book ng order sa pinakamabagal na antas sa kasalukuyang magkakasunod na anim na buwan ng pagkalugi.

Ipinakita ng headline PMI ang ikaanim na sunod-sunod na buwanang paghina ng kalagayan ng sektor ng pagmamanupaktura (manufacturing sector) ng ASEAN sa buwan ng Agosto. Dagdag pa rito, tumaas ang index mula 46.5 noong Hulyo hanggang 49.0, at nagsaad ito ng mas mabagal pang rate ng pagbaba na marginal lang sa pangkalahatan, habang nagsisimulang maging matatag ang sektor.

Ang susi sa pagtaas ng headline figure ay ang pagtatag ng produksyon sa mga pabrika, kasabay ng mas kaunting pagbawas sa kabuuang bilang ng bagong order. Ang pana-panahong isinasaayos (seasonally adjusted) na Output Index ay naitala sa 50.0 mark nitong Agosto, na nagpapakita ng kawalan ng pagbabago sa output ng pagmamanupaktura kasunod ng pagbaba sa loob ng sunod-sunod na anim na buwan. Samantala, ang pinakahuling pagbawas sa bilang ng pag-book ng order ay ang pinakakaunting naitala mula noong nagkasunod-sunod ang pagkalugi simula noong Marso, at bahagya lang ito. Gayunpaman, nanatili bilang pangunahing sanhi ng kahinaan ang demand mula sa ibang bansa. Bagamat humupa na ito, kapansin-pansin pa rin ang pinakahuling pagkalugi sa mga bagong order ng pag-export.


Sa pitong nasasaklawang bansa, nanatiling hindi pantay-pantay ang sitwasyon ng pagmamanupaktura, at dalawa lang ang nagtala ng pagbuti ng mga pangkalahatang kundisyon nitong Agosto. Ang headline figure ng Myanmar (53.2) ang pinakamataas sa loob ng 15 buwan at nagsaad ito ng katamtamang pagbuti ng mga kundisyon sa pagpapatakbo, na nahimok ng pinakamabilis na pagtaas sa output mula noong Abril 2018. Ang Indonesia lang ang natatanging bansa na nagtala ng paglago, ngunit nagpakita lang ang headline PMI (50.8) nito ng marginal na antas ng paglaki.

Sa iba pang dako, nagtala ang Malaysia ng panibagong paghina sa kalagayan ng sektor ng pagmamanupaktura nito. Matapos lumagay sa neutral na 50.0 threshold noong nakaraang panahon ng survey, bumaba

ipinagpatuloy...

ASEAN Manufacturing PMI

sa, >50 = pag-unlad mula noong nakaraang buwan



Pinagkunan: IHS Markit.

Komento

Nagkomento sa mga resulta ng pinakabagong survey si Lewis Cooper, Ekonomista sa IHS Markit, aniya:

"Malapit nang tumatag ang sektor ng pagmamanupaktura ng ASEAN nitong Agosto, habang nadagdagan ang headline figure ng panibagong dalawa at kalahating puntos upang magpakita ng lalo pang paghupa ng pagkalugi. Tumatag ang produksyon sa mga pabrika kasunod ng anim na sunod-sunod na buwanang paghina, kasabay ng pagbaba ng bilang ng bagong negosyo sa pinakakaunting antas simula nang kasalukuyang magkakasunod na pagkalugi mula noong Marso.

"Gayunpaman, nanatili namang pangunahing sanhi ng pagkalugi ang mga export, at humihina pa lalo ang kalagayan ng bagong export habang nagpapatuloy ang mga kasalukuyang hakbang sa lockdown na pumipigil sa demand ng ibang bansa para sa mga produkto ng ASEAN.

"Sa pangkalahatan, naglaan ang data ng buwan ng Agosto ng ilang pansamantalang senyales ng pagkilos tungo sa istabilisasyon, at lubos na mas mataas na ang mga pinakabagong reading para sa mga pangunahing indicator gaya ng output at kabuuang bilang ng bagong order kaysa sa pinakamababang nakita sa kasagsagan ng pandemya noong Abril at Mayo.

"Sa kabila nito, wala pa tayong nakikitang anumang kongretong indikasyon na nakakabawi na ang sektor. Kailangang makaranas ang mga pabrika ng makabuluhang pag-angat sa demand ng kliyente at bilang ng produksyon bago masabing nagkakaroon na ng pagbawi."

ang kaukulang headline index sa 49.3 nitong Agosto at nagkaroon ng banayad na pagkalugi. Samantala, nagpatuloy ang pagbagsak sa Thailand, bagamat nagpakita ang headline reading (49.7) nito ng pinakakaunting antas ng paghina simula noong Enero.

Sa kabaligtaran, parehong nagtala ang Pilipinas at Vietnam ng mas matinding pagbaba sa mga kundisyon sa pagpapatakbo nitong Agosto. Sa magkasunod na 47.3 at 45.7, nagpakita ang mga headline figure ng mga ito ng pinakamabibilis na paghina simula noong Mayo.

At panghuli, nanatili naman ang Singapore sa ilalim ng mga ranking ng ASEAN PMI. Tumaas ang headline PMI mula noong Hulyo, ngunit ang 43.0 nito sa buwan ng Agosto ang pinakamababa sa lahat ng pitong nasasaklawang bansa at nagsasaad ito ng lalo pang lumalang paghina sa mga kundisyon ng pagmamanupaktura.

Sa pangkalahatan, nagbigay-diin ang data ng Agosto sa mas bumuti, ngunit napipigilan pa rin, na sitwasyon sa sektor ng pagmamanupaktura ng ASEAN. Kasunod nito, nagpatuloy ang mga kumpanya na magbawas ng mga tauhan, nang may tuloy-tuloy na spare capacity na ipinakitang pa ulit ng lalo pang nabawasang mga backlog ng trabaho. Sobra-sobra ang antas ng pagbabawas ng trabaho, bagamat ito na ang pinakakaunti simula noong Pebrero.

Kasabay nito, binawasan din ng mga kumpanya ang pagbili. Ang pinakahuling paghina ng pagbili ang pinakamabagal sa loob ng anim na buwan, ngunit, sa kabila nito, matatag ang naging paghina. Bumaba rin ang mga imbentaryo, bagamat humupa na ang bilis ng pagbawas sa mga stock ng mga binibili.


Sa usapin ng presyo, dumaming muli ang mga pasakit sa gastusin nitong Agosto dahil sa pagbilis ng antas ng pagtaas ng mga presyo simula Hulyo. Gayunpaman, malawakang walang pinagbago ang mga average na singilin sa output, at ang kaukulang pana-panahong isinasabay na index ay nailagay sa itaas lang ng neutral na 50.0 mark.

Bilang panghuli, bumuti ang sentimyento hinggil sa pagtanaw sa mangyayari sa susunod na 12 buwan para sa output nitong Agosto. Nasa pinakamataas simula noong Enero ang antas ng pagkapositibo, ngunit napipigilan pa rin ito dahil sa lumalabas na average para sa pangmatagalang panahon (long-run average).

Manufacturing PMI

Indonesia / Malaysia / Myanmar / Pilipinas
Singapore / Thailand / Vietnam

sa, >50 = pag-unlad mula noong nakaraang buwan



Pinagkunan: IHS Markit.

Makipag-ugnayan

Lewis Cooper
Economist
IHS Markit
Telepono: +44 1491 461 019
lewis.cooper@ihsmarkit.com

Bernard Aw
Principal Economist
IHS Markit
Telepono: +65 6922 4226
bernard.aw@ihsmarkit.com

Katherine Smith
Public Relations
IHS Markit
Telepono: +1 781 301 9311
katherine.smith@ihsmarkit.com

Pamamaraan

Ang IHS Markit ASEAN Manufacturing PMI™ ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga tugon sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa mga panel ng mga manufacturer sa Indonesia, Malaysia, Myanmar, Pilipinas, Singapore, Thailand at Vietnam, na may kabuuang nasa 2,100 manufacturer. Ang mga bansang ito ay kumakatawan sa 98% ng ASEAN manufacturing value added*. Ang mga panel ay hinahati-hati ayon sa detalyadong sektor at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season. Ang mga ASEAN index ay kinakalkula sa pamamagitan ng sama-samang pagsusukat ng mga national index. Ang mga weight ng bansa ay kinakalkula ayon sa taunang manufacturing value added*.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: Mga Bagong Order (30%), Output (25%), Employment (20%), Delivery Times ng Mga Supplier (15%) at Mga Stock ng Pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang Index ng Delivery Times ng Mga Supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index.

Hindi nirerebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasabay.

Ang data ng Agosto 2020 ay nakolekta noong 12-24 Agosto 2020.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@ihsmarkit.com.

*Pinagkunan: World Bank World Development Indicators.

Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na nagreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Tungkol sa IHS Markit

Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapatakbo sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagreresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsiyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2020 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa katherine.smith@ihsmarkit.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahang nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa ihsmarkit.com/products/pmi.html.